Mensahe Lima

# Si Ezra, isang Makasaserdoteng Eskriba, at ang Pangangailangan para sa mga Ezra— Yaong mga Dalubhasa sa Salita ng Diyos

Babasahin sa Kasulatan: Ezra 7:6, 11-12, 21; 8:21-23;
Neh. 8:1-9, 11-13; 12:26

**I. Si Ezra ay isang saserdote at isa ring eskriba; kaya, siya ay hindi isang pantitik na eskriba kundi isang makasaserdoteng eskriba—Ezra 7:6, 11-12, 21; Neh. 8:1-2, 8-9, 11-12; 12:26:**

A. Ang isang saserdote ay isa na naihalo sa Panginoon at nababaran ng Panginoon; si Ezra ay ganitong uri ng tao—Ezra 8:21-23.

B. Si Ezra ay isang taong nagtiwala sa Diyos, kaisa ng Diyos, dalubhasa sa salita ng Diyos, at nalalaman ang puso ng Diyos, ang mga kanaisan ng Diyos, at ang ekonomiya ng Diyos—7:6, 11-12, 21.

C. Bilang isang makasaserdoteng eskriba, si Ezra ay kaisa ng Panginoon sa pamamagitan ng patuloy na pakikiugnay sa Kanya—Neh. 8:1-2, 8-9, 11-12; 12:26.

D. Walang anumang bago ang sinalita si Ezra; ang kanyang sinalita ay sinalita na ni Moses—Ezra 7:6; Neh. 8:14; 2 Ped. 1:12.

E. Ang mga saserdote at mga Levita ay nagtipon kay to Ezra na eskriba upang makatamo ng kabatiran sa mga salita ng kautusan; sa Nehemias 8:13 ang *kabatiran* ay tumutukoy sa pagkatalastas sa intrinsikong kahulugan.

**II. Muling binuuan ni Ezra ang bayan ng Israel sa pamamagitan ng pag-eeduka sa kanila ng mga makalangit na katotohanan upang ang Israel ay maging ang patotoo ng Diyos—bb. 1-3, 5-6, 8, 13-18:**

A. Ang intensyon ng Diyos sa Israel ay ang magkaroon sa lupa ng isang dibinong nabuuang bayan upang maging Kanyang patotoo—isang bayan na muling nabuuan ng salita ng Diyos—Isa. 49:6; 60:1-3; Col. 3:16.

B. Pagbalik mula sa pagkabihag, ang bayan ng Israel ay magulo pa rin, sapagkat sila ay isinilang at pinalaki sa Babilonia at naging mga taong Babilonia sa kanilang pagkakabuo:

1. Ang Babiloniang elemento ay naisagawa sa kanila at nabuo tungo sa kanilang katauhan—Zac. 3:3-5.
2. Pagbalik nila sa lupain ng kanilang mga magulang upang maging mga mamamayan ng bansang Israel, kailangan nilang muling mabuuan ng salita ng Diyos—Neh. 8:1-3, 5-6, 8, 13.

C. May pangangailangan sa pagtuturo at muling pagbubuo upang dalhin ang bayan ng Diyos tungo sa isang kulturang ayon Diyos, isang kulturang naghahayag sa Diyos; ang ganitong uri ng kultura ay humuhiling ng malaking edukasyon—b. 8.

D. Para sa muling pagbubuo ng bayan ng Diyos, si Ezra ay lubhang kagamit-gamit, sapagkat dinala niya ang kabuuan ng makalangit at dibinong pagbubuo at kultura, at sa pamamagitan niya ang bayan ay muling nabuuan ng salita ng Diyos—bb. 1-2.

E. Ibinalik ni Ezra ang bayan sa Salita ng Diyos upang sila ay muling maedukahan at muling mabuuan ng mga makalangit na katotohanan sa dibinong Salita.

F. Upang muling mabuuan ang bayan ng Diyos, may pangangailangang maedukahan sila ng salitang nagmumula sa bibig ng Diyos at naghahayag sa Diyos—Aw. 119:2, 9, 105, 130, 140:

1. Ang muling mabuuan ang bayan ng Diyos ay ang maedukahan sila sa pamamagitan ng paglalagay sa kanila tungo sa salita ng Diyos upang sila ay mababaran ng salita—Col. 3:16.
2. Habang ang salita ng Diyos ay gumagawa sa loob natin, ang Espiritu ng Diyos, na siyang ang Diyos mismo, sa pamamagitan ng salitang kusang namamahagi ng kalikasan ng Diyos kalakip ang elemento ng Diyos tungo sa ating katauhan; sa ganitong paraan tayo ay muling nabubuuan—2 Tim. 3:16-17.

G. Bilang resulta ng pagiging muling nabuuan sa pamamagitan ng ministeryo ni Ezra, ang Israel (sa sagisag) ay naging isang partikular na bansa, isang bansang pinabanal at ibinukod tungo sa Diyos, naghahayag sa Diyos—Isa. 49:6; 60:1-3; Zac. 4:2:
1. Ang mga nagbalik na bihag ay personal at sama-samang muling nabuuan upang maging patotoo ng Diyos.
2. Sila ay nalalinan ng kaisipan ng Diyos, kalakip ang mga konsiderasyon ng Diyos, at lahat ng kung ano ang Diyos; ginawa nito silang pagpaparami ng Diyos.
3. Sa pamamagitan ng ganitong uri ng dibinong pagbubuo, bawa't isa ay naging Diyos sa buhay at kalikasan; bilang resulta, sila ay naging isang dibinong bansang naghahayag ng dibinong pag-uugali—1 Ped. 2:9.

**III. Sa pagbabawi ng Panginoon ay kailangan natin ang mga Ezra, mga makasaserdoteng tagapagturo na kinakaugnay ang Diyos, nababaran ng Diyos, kaisa ang Diyos, naihalo sa Diyos, napunuan ng Diyos, at dalubhasa sa Salita ng Diyos; ito ang uri ng tao na kwalipikadong maging tagapagturo sa pagbabawi—Mat. 13:52; 2 Cor. 3:5-6; 1 Tim. 2:7; 2 Tim. 1:11:**

A. Tinuruan ng Panginoong Hesus ang mga tao upang ilabas sila mula sa makasatanas na kadiliman tungo sa dibinong liwanag—Marc. 6:6; cf. Gawa 26:18:
1. Ang pagkatisod ng tao sa kasalanan ang sumira sa kanyang salamuha sa Diyos, ginawa ang lahat ng tao na ignorante sa pagkaalam sa Diyos, na nagresulta sa kadiliman at kamatayan—Efe. 4:17-18.
2. Ang Panginoon bilang ang liwanag ng sanlibutan ay dumating bilang isang dakilang liwanag upang suminag sa mga taong nakaupo sa anino ng kamatayan—Juan 8:12; Mat. 4:12-16.
3. Ang pagtuturo ng Panginoon ang nagpalaya ng salita ng liwanag upang ang mga nasa kadiliman at kamatayan ay makatanggap ng liwanag ng buhay—Juan 1:4.

B. Ang pagtuturo ay katumbas ng pahayag, na siyang pagbubukas ng tabing—1 Tim. 2:7; Efe. 3:3-4, 9:
1. Ang magturo ay ang mag-alis ng tabing; habang tinuturuan natin ang iba, dapat nating alisin ang tabing upang makita nila ang isang bagay ng Tres-unong Diyos.
2. Kapag nagsasalita tayo ng isang bagay sa pagpupulong ng ekklesia, ang ating pagsasalita ay dapat maging pag-aalis ng tabing; ito ay nangangahulugan na ang ating pagtuturo ay dapat magtanghal ng isang pahayag—1 Tim. 4:6.
3. Ang mga ngayong Ezra ay dapat magpagal upang mabuuan ang bayan ng Diyos sa pamamagitan ng pag-eeduka sa kanila ng katotohanan upang sila ay maging patotoo ng Diyos, ang Kanyang sama-samang kahayagan, sa lupa—Neh. 8:1-8, 13; 2 Tim. 2:2, 15; 1 Tim. 3:15.

C. Ang pagbabawi ang may pinakamataas na katotohanan—ang katotohanan na siyang kasukdulan ng mga katotohanang binawi sa mga nakalipas na siglo—2:4; 2 Tim. 2:2, 15:

1. Ang pinakamalaking pangangailangan na dapat matugunan ay ang dalhin ang mga banal sa pagbabawi ng Panginoon tungo sa katotohanan upang ipagpatuloy ang pagbabawi—1 Tim. 2:4; 2 Tim. 2:2, 15.
2. Taglay natin kapwa ang mga obhektibong katotohanan at mga subhektibong katotohanan sa Banal na Kasulatan—Luc. 24:39; 1 Cor. 15:45b; Roma 8:34, 10; Col. 3:1; 1:27.
3. Sa pag-aaral natin ng Bibliya, huwag tayong magbigay pansin lamang sa "mga sanga" bagkus pumailalim sa "mga ugat" at sa "puno."
4. Kailangan nating makita ang mga pinakristal na kahulugan ng mga hakbang ng ekonomiya ng Diyos at ang Katawan ni Kristo—Juan 1:14; 1 Cor. 15:45b; Efe. 1:22-23; 4:4-6.

D. Ang mabuuan ng katotohanan ay ang taglayin ang katotohanang naisagawa tungo sa atin upang maging ating intrinsikong katauhan, ang ating organikong pagkakabuo—2 Juan 2:
   1. Ang intrinsikong elemento ng dibinong pahayag ay dapat maisagawa at maibuo tungo sa ating katauhan—Col. 3:16.
   2. Minsang ang katotohanan ay makapasok tungo sa atin sa pamamagitan ng ating pagkaunawa, ito ay mananatili sa ating memorya, at pagkatapos ay mapapanatili natin ang katatohanan sa ating memorya, sinasanhi tayong makaipon ng katotohanan—1 Ped. 1:13; 2 Ped. 1:15; 3:1.
   3. Matapos makapasok ang katotohanan sa ating memorya, ito ay nagiging palagian at pangmatagalang pagkain; pagkatapos ay makakaipon tayo ng katotohanan, at tayo ay nasa ilalim ng palagiang pagpapakain—Col. 3:16, 4; 1 Tim. 4:6.

E. Lahat ng mga banal sa pagbabawi ng Panginoon ay dapat masanay sa dibinong pahayag—2 Tim. 2:2, 15:
   1. Halos lahat ng mga mahalagang pahayag sa Bibliya ay natalakay na sa mnisteryo nina Brother Nee at Brother Lee; dapat tayong magbigay pansin sa mga dalisay at malusog na bagay at huwag aksayahin ang ating oras sa pagkalap ng mga "nakalalasong kalabasa"—2 Hari 4:38-41.
   2. Lahat tayo ay kailangang matulungan sa pamamagitan ng mga Pag-aaral Pambuhay at ng Salin sa Pagbabawi kasama ang mga talababá upang makita ang intrinsikong kahulugan ng salita ng Bibliya—Neh. 8:8, 13.

*© 2022 Living Stream Ministry*